

Filipino Version of Worker Role Interview

by: Kim Gerald G. Medallon, MHPEd, OTRP, Justine Anne C. Gurtiza, John Alexander David B. Tuazon, Maria Gabrielle Q. Caguete, Micah M. Tam-od, Maria Isabella G. Custodio, Samantha Gene Albania, Anne Margaux M. Aguirre

Original version by: Brent Braveman, PhD, OTR/L, FAOTA Mick Robson, DipCOT Craig Velozo, PhD, OTR/L Gary Kielhofner, DrPH, OTR/L, FAOTA, Gail Fisher, MPA, OTR/L Kirsty Forsyth, PhD, SROT, OTR Jennifer Kerschbaum, MS, OTR/L

Mungkahing mga Katanungan para sa Injured na Manggagawa

Tandaan na ang pagsisimula ng interbyu ay listahan ng mga mungkahing katanungan. Maaaring baguhin ang pagkakabuo, pagkakasunud-sunod at paraan ng pagtatanong ayon sa hinihingi ng sitwasyon at batay sa kung papaanong sumasagot ang iniinterbyu. Ang *rating scale* lamang ang istandardisado at hindi ang mga tanong sa Interbyu.

Nakasalalay sa kapasyahan ng OT ang pagsisimula at pagtatapos ng WRI sa kliyente. Marapat na iakma ang paggamit ng mga salita upang matiyak na nauunawaan ng iniinterbyu ang usapan. Para sa mga *therapist* na nais na makaseguro (makatiyak), ang mga sumusunod ay isang halimbawa ng paraan kung paano sisimulan ang Interbyu. Pagkatapos ng bawat katanungan ay matatagpuan ang mga titik na nakapaloob sa panaklong. Inilagay ang mga ito upang tukuyin ang kabuuang lawak ng paksang sinasaklaw ng mga tanong (*PC=Personal Causation, V=Values, I=Interests, R=Roles, H=Habits, E=Environment*).

I. Panimula

Pag-usapan natin ang iyong trabaho at mga naging trabaho upang mas lalo pa kitang makilala at para malaman ko kung paano nakaapekto ang iyong injury o kapansanan sa iyong buhay at sa iyong trabaho at kung paano ito makakaapekto sa iyo sa hinaharap.

II. Mga Epekto ng injury o kapansanan

Pag-usapan natin ang iyong injury. Maaari mo bang ikwento sa akin kung ano ang nangyari?

1. Ano-anong bahagi ng iyong trabaho ang sa pakiramdam mo ay hindi mo na nagagawa dahil sa natamong pinsala? (PC)

2. Ano'ng mga gawain sa iyong trabaho ang sa pakiramdam mo ay patuloy mo pang nagagawa sa kabila ng natamong injury o kapansana? (PC)
3. Paano nakaapekto ang natamong injury o kapansanan sa labas ng iyong trabaho? (H)

Ilarawan mo ang mga tungkulin mo sa bahay.

Ilarawan mo ang mga pang-araw-araw na ginagawa mo sa bahay (*routine*).

4. Paano nakakaapekto ang inyong injury sa pakikitungo sa iyong mga kabigan at sa mga bagay na gustong-gusto mong ginagawa noon? (I)
5. Nagkaroon ka na ba ng problema na singbigat ng iyong natamong injury o kapansanan (hal. problemang pampamilyang nakaapekto sa iyong trabaho)? (PC)
6. Kung meron, paano mo ito hinarap?

III. Buhay sa labas ng trabaho

Pag-usapan natin ang buhay mo sa labas ng trabaho bago ang natamong injury o kapansanan.

7. Ikwento mo sa akin ang iyong tipikal na araw kapag hindi ka nagtatrabaho (*day-off*). (I) (Ano ang tipikal na araw mo sa mga araw na hindi ka nagtatrabaho or kapag *day-off* mo?)

Ano ang ginagawa mo tuwing gabí?

Ano ang ginagawa mo tuwing Sabado at/o Linggo? Ano ang mga ginagawa mo para malibang?

8. Bukod sa pagtatrabaho, paano mo nakikita ang iyong sarili? (bilang magulang, tagapag-alaga, atleta) (R)

IV. Kasalukuyang Trabaho

Pag-usapan natin ang iyong trabaho bago ka nagka-injury

9. Magsabi ka sa akin tungkol sa iyong trabaho; ano ang ginagawa mo? (R) Pag-usapan natin ang iyong kasalukuyang trabaho. Ano ang trabaho mo?
10. Gusto mo ba ang iyong kasalukuyang trabaho? Ano ang gusto at ayaw mo tungkol dito? (R)
11. Paano mo pinili ang iyong kasalukuyang trabaho? (V)

12. May kamag-anak o kapamilya ka bang may kaparehong trabaho o nakahikayat ka ba nila kaya ito ang napili mong trabaho? (V)
13. Sa palagay mo ba ay nagagawa mo nang mabuti ang iyong trabaho bago ang natamong injury o kapansanan? (PC)
14. Sa anong gawain o sitwasyon mo naramdamang naging mas mahusay ka kaysa sa iba? (PC)
15. Ano ang pinaka-ipinagmamalaki mo sa iyong trabaho? (V)
16. Mayroon ka bang mataas na pamantayan para sa iyong trabaho? (V)
17. Nagtatakda ka ba ng mga nais makamit sa iyong trabaho? (hal. promosyon, target na gawain, atbp.) (V)
18. Na-promote ka na ba o may mga award kang natanggap dahil sa iyong pagtatrabaho?
19. Ilarawan mo ang isang tipikal na araw mo sa trabaho. Simulan mo sa oras ng pagdating mo sa trabaho hanggang sa pag-uwi sa inyong bahay. (H)
20. Kung babalikan mo ang iyong buong araw sa trabaho, ano sa tingin mo ang iyong magandang gawi mo sa pagtatrabaho? (H)
21. Ano-ano naman ang mga hindi gaanong mabubuting gawi na nais mo ring baguhin? (H)

V. Mga nakaraang trabaho (bigyang-pansin ang nakalipas na 5 taon)

Pag-usapan naman natin ang mga naging trabaho mo dati.

22. Anu-ano ang mga naging trabaho mo sa nakaraang 5 taon? Umpisahan natin sa pinakuhuling naging trabaho mo. (R)
23. Ano-ano ang tungkulin mo sa iyong dating trabaho? (R)
24. Sa mga naging trabaho mo noon, alin ang pinakagusto mo? Mas gusto mo ba iyon kaysa sa iyong kasalukuyang trabaho? Kung ganon, Bakit? (I)

VI. Pagbabalik-Trabaho

Pag-usapan natin ang tungkol sa iyong pagbabalik - trabaho (o) ang iyong mga pakiramdam na may kinalaman sa pagbabalik -trabaho

25. Tapusin natin ito sa pamamagitan ng pag-uusap tungkol sa iyong pagbabalik-trabaho

Ano sa tingin mo ang kailangang mabago upang makabalik ka na sa iyong pagtatrabaho. (PC)

Ano ang kailangang baguhin sa pagkakaayos sa lugar ng pinagtatrabahuhan mo ang sa tingin mo ay kailangan upang makatulong sa iyo? (E)

Ano ang mga pagbabagong maaari mong gawin na may kinalaman sa kung paano mo ginagawa ang mga bagay-bagay? (PC)

26. Magbanggit ka ng ilang mga bagay tungkol sa iyong boss. Sa palagay mo ba ay suportado niya ang pagbabalik mo sa trabaho? (E)
27. Sa palagay mo ba ay suportado ng iyong mga katrabaho ang pagbabalik mo sa trabaho? (E)
28. Sa palagay mo ba ay matutuwa sila sa iyong pagbabalik-trabaho? (E)
29. Ano ang naramdaman ng iyong mga kapamilya at kaibigan sa iyong natamong injury o kapansanan at sa pagkawala ng iyong trabaho? (E)

Pinayuhan ka ba nila tungkol sa iyong natamong injury o kapansanan sa iyong pagbabaik trabaho.

30. Sa palagay mo ba ay makababalik ka pa sa iyong trabaho? (PC)
31. Kung sakaling hindi mo na kayang gawin ang iyong kasalukuyang trabaho may iba pa bang trabaho kung saan mo nakikita ang iyong sarili? (I)

Mga Mungkahing Katanungan para sa mga Manggagawang may Matagal nang Karamdaman o kapansanan

Tandaan na ang pagsisimula ng interbyu ay listahan ng mga mungkahing katanungan. Maaaring baguhin ang pagkakabuo, pagkakasunud-sunod at paraan ng pagtatanong ayon sa hinihingi ng sitwasyon at batay sa kung papaanong sumasagot ang iniinterbyu. Ang *rating scale* lamang ang istandardisado at hindi ang mga tanong sa Interbyu.

Nakasalalay sa kapasyahan ng OT ang pagsisimula at pagtatapos ng WRI sa kliyente. Marapat na iakma ang paggamit ng mga salita upang matiyak na nauunawaan ng iniinterbyu ang usapan. Para sa mga *therapist* na nais na makaseguro(makatiyak), ang mga sumusunod ay isang halimbawa ng paraan kung paano sisimulan ang Interbyu. Pagkatapos ng bawat katanungan ay matatagpuan ang mga titik na nakapaloob sa panaklong. Inilagay ang mga ito upang tukuyin ang kabuuang lawak ng paksang sinasaklaw ng mga tanong (*PC=Personal Causation, V=Values, I=Interests, R=Roles, H=Habits, E=Environment*).

I. Panimula

“Pag-usapan natin ang tungkol sa kasalukuyan mong pinagkaakaabalahan sa mga nakaraan mong trabaho, pagsasanay, at sa mga nais mong makamit sa hinaharap. Layunin nitong mas makilala ka pa nang lubusan, at malaman ang iba pang naidulot ng iyong trabaho sa iyong buhay. Bukod pa rito, interesado akong malaman kung paano nakaaapekto ang iyong kapansanan sa iyong buhay, at kung paano mo ito naiisip na nakaaapekto sa paghahanap ng trabaho sa hinaharap.”

O kaya,

“Gusto kong makipagkwentuhan tungkol sa dati mong trabaho at sa posibilidad ng paghahanap ng trabaho sa hinaharap.

II. Mga Kasalukuyang Tungkulin at Mga Pang-araw-araw na Gawain

1. Ilarawan mo ang iyong tipikal na araw sa ngayon. Ilarawan ang iyong tipikal na linggo sa ngayon hal. kung ikaw ay nagtatrabaho, nagsasanay para sa trabaho, may therapy. (H)
2. Ano-anong mga responsibilidad ang mayroon ka sa ngayon? (R)

3. Naisasaayos mo ba ang iyong araw upang magawa ang iyong mga tungkulin? (H)
4. Paano nabago ng pagkakasakit mo ang iyong pang-araw-araw na gawain? (H)
5. May binago ka ba sa mga bagay na kailangan mong gawin habang may sakit ka? (H/R)
6. Anong bahagi ng iyong pang-araw-araw na gawain ang matagumpay mong nabago? (H)
7. Nami-miss mo bang magtrabaho? (V)
8. Sa ngayon, napakahalaga ba ng trabaho para sa iyo? Sa hinaharap? O gaano kahalaga ang pagbabalik- trabaho para sa iyo? (V)
9. Sa palagay mo ba ay makatutulong ang iyong pang-araw-araw na mga gawain sa iyong pagbabalik - trabaho? (H)

III. Mga hilig gawin

10. Ano'ng mga tungkulin mo ngayon ang nag-e-enjoy kang gawin? Bakit? (I/R)
11. May iba ka pa bang interes o hobby? (I) Sino ang madalas mong kasama kapag ginagawa ito? (E)
12. Ano ang ginagawa mo sa iyong mga bakanteng oras? (I) Sino ang kasama mo? (E)
13. Ano ang ginagawa mo para malibang? (I)
14. (Para sa iyong mga nabanggit na hilig gawin) Gaano ka kadalas kang _____? Kuntento ka ba sa haba ng oras na inilalalaan mo sa _____? (I)

IV. Mga Kasalukuyang Kasanayan/ Kakayahan

15. Nagagawa mo ba ang mga kailangan mong gawin? (kung hindi) Ano-ano ang nakapigil sa iyo upang gawin ang mga iyon? (PC)
16. Kaya mo bang gawin at tapusin ang mga bagay na kailangan o gusto mong gawin? (PC)
17. Nakakapag-concentrate ka ba, nakapagbibigay- solusyon sa mga problema at nakapagdedesisyon sa mga bagay na kailangan o gusto mong gawin? (PC)
18. Mayroon ka bang mga problema sa iyong mental health (hal. halusinasyon, mga boses na naririnig, pagiging *paranoid*, pagkalito, o pagkabalisa) na nakaaapekto sa kakayahan mong magawa ang mga gusto o kailangan mong gawin? (PerfCap) Paano nito naaapektuhan ang kakayahan mong magawa ang iyong mga tungkulin? (PC)
19. Mayroon pa bang ibang mga bagay na nakaaapekto sa kakayahan mong magawa ang mga gusto o kailangan mong gawin? (hal. paggamit ng droga, pag-inom ng alak, naranasang krimen, pakikipag-usap sa iba) (PC)

V. Pisikal/Sosyal na Kapaligiran

20. Mayroon bang mga pisikal na hadlang sa trabaho o sa bahay na nakapigil sa iyo para magtrabaho? (E)
21. Nalampasan mo ba ang mga hadlang na ito? (PC)
22. Ano ang pakiramdam ng iyong mga kapamilya/kaibigan tungkol sa iyong kawalan ng trabaho? (E)
23. Sa paanong paraan ka sinusuportahan ng iyong mga kapamilya/kaibigan upang makahanap ng trabaho? (E)
24. Sa iyong mga naging trabaho, paano ka sinuportahan ng dati mong boss para hindi ka mawalan ng trabaho? (E)
25. Mas nakapagtatrabaho ka ba kapag mag-isa ka o mas gusto mo'ng may kasama? Paano ka makitungo sa iba? (E)

VI. Karanasan sa Trabaho at Pag-aaral

26. Nagkapagtrabaho ka na ba dati? Anu-anong mga naging trabaho mo? (R) Anu-ano ang mga tungkulin mo sa dati mong mga trabaho? (R)
27. Ano-ano pa ang mga naging tungkulin mo noon? (R)
28. Paano mo pinili ang mga naging trabaho mo noon? (V)
29. Sa lahat ng naging trabaho mo, alin ang pinakanagustuhan mo? Bakit mo ito nagustuhan? (I)
30. Sa lahat ng naging trabaho mo, alin ang pinaka hindi mo nagustuhan? Bakit mo ito hindi nagustuhan? (I)
31. Ano-anong mga tungkulin sa buhay ang sa tingin mo ay nagawa mo nang maayos, o ipinagmamalaki mo? (PC)
32. Ano-ano ang mga hindi mo napagtagumpayan o nagawa nang maayos sa trabaho? (PC)
33. Naranasan mo na bang humarap sa isang problema o pagsubok sa trabaho o sa iba pang lugar? Kung oo, paano mo ito hinarap? (PC)
34. Nung nagtatrabaho ka pa, may mga hinangad ka ba para sa sarili mo? (hal., promosyon, pagiging produktibo, mga bagay na ninais na matamo) (V)

VII. Mga Pang-araw-araw na gawain sa Dating Trabaho

35. Noong nagtatrabaho ka pa, ilawaram mo ang iyong tipikal na araw. (H)

36. Anong mga gawi sa trabaho mo noon ang nakatulong para matapos mo ang iyong trabaho? (H)
37. May dati ka na bang sinusunod na schedule ng mga Gawain? Nagging madali ba sayo ang pagpapnatili nito? (H)
38. Ano-ano ang mga nakagawian mo sa trabaho noon na gusto mong baguhin? (H)

VIII. Mga dating Pinag-aralan

39. Ano-ano ang mga pinag-aralan mo noon? Hanggang saan ang naabot mong kwalipikasyon? (R)

IX. Pagnanais at Panghinaharap na tungkulin sa Trabaho

40. Mahalaga ba sa iyo ang pagkakaroon at pananatili sa trabaho? Gusto mo bang magkatrabaho? (PC)
41. Naghahanap ka ba ng trabaho sa ngayon? Ano-anong mga paghahanda ang ginagawa mo para sa muling pagtatrabaho? (PC)
42. Sa ngayon, napakahalaga ba ang paghahanap/pagkakaroon mo ng trabaho? Sa Hinaharap? (PC)
43. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon mo ng trabaho? Ano ang hindi mahalaga sa pagkakaroon ng trabaho? (V)
44. Ano- anong mga dahilan kung bakit ka nahihirapan humanap at magkaroon ng trabaho? Anu-ano ang kailangang baguhin para makapagtrabaho? (PC)
45. Ano ang makapigil sa iyo sa pagtatrabaho? (PC)
46. Nagagawa mo ba ang mga kailangan mong gawin upang makahanap at manatili sa trabaho? (Kung hindi) Ano ang nakapigil sa iyong kakayahang makahanap ng trabaho? (PC)
47. Kaya mo bang gawin at tapusin ang mga bagay na kailangan o gusto mong gawin? (PC)
48. Nakakapag-concentrate ka ba, nakapagbibigay- solusyon sa mga problema at nakapagdedesisyon sa mga bagay na kailangan o gusto mong gawin? (PC)
49. Mayroon ka bang mga problema sa iyong mental health (hal. halusinasyon, mga boses na naririnig, pagiging *paranoid*, pagkalito, o pagkabalisa) na nakaaapekto sa kakayahan mong magawa ang mga gusto o kailangan mong gawin? (PerfCap) Paano nito naaapektuhan ang kakayahan mong magawa ang iyong mga tungkulin? (PC)

50. Mayroon pa bang ibang mga bagay na nakaaapekto sa kakayahan mong magtrabaho? (hal. paggamit ng droga, paginom ng alak, naranasang krimen, pakikipag-usap sa iba) (PC)
51. Anong tulong ang kinakailangan mo upang makahanap ng trabaho at mapanatili ito? (PC)
52. Anong uri ng trabaho ang sa pakiramdam mo ay kaya mong gawin? (PC)
53. Ano-anong mga kasanayan na mayroon ka ang makatutulong sa iyo upang makahanap ka ng trabaho at mapanatili ito? (PC)
54. Ano-ano pang ibang karanasan na mayroon ka ang makatutulong sa iyo upang makahanap ka ng trabaho? (PC)
55. May posibilidad ba na magkaroon ka ng trabaho ngayon? Sa susunod na anim na buwan at sa hinaharap. (PC)
56. Kung naghahanap ka ng trabaho, anong trabaho ang nakikita mong mas kasiya-siya para sa iyo? (I)
57. Ka bang mga hinahangad upang makahanap at manatili sa trabaho? (V)
64. Kung ikaw ay nasa trabaho, anong tulong ang inaasahan mong makuha o inaasahan mong makuha mula sa iyong boss? Mga kasamahan sa trabaho? (E)

X. Mga Tungkulin sa Hinaharap at Routine

58. Ano-ano ang mga maaaring asahan mula sayo saiyog pagbabalik trabaho? (Tiyak o pangkalahatan, hal. oras ng pagtatrabaho, kontrata, talaan ng mga gawain, at tiyak na mga tungkulin sa mga partikular na posisyon o larangan kung saan sila interesado.) (R)
59. Kung ikaw ay muling magtatrabaho, paano ma isasaayos ang lahat ng mga bagay na kasalukuyan mong ginagawa? (R)
60. Paano makaaapekto ang iyong muling pagtatrabaho sa iyong mga pang-araw-araw na Gawain (routine)? Paano ka mag-aadjust? (H)
61. Sa hinaharap, sa palagay mo ba ay kaya mong baguhin ang iyong routine para magbigyang-daan ang pagkakaroon mo ng trabaho? (H)

XI. Panghinaharap na Kalagayang Pangkapaligiran sa Trabaho

62. Kung magtatrabaho ka, anong pisikal na kapaligiran ang naangkop saiyong? Ano naman ang sa tinigin mo ay makapagpapahirap sa iyo? (E)
63. Kung ikaw ay nasa trabaho, anong tulong ang inaasahan mo mula sa iyong pamilya at mga kaibigan? (E)